YUNIT IV
Panginoon ang Sandigan sa Paggawa ng Kabutihan
Aralin 8 : Pag-ibig ng Diyos sa Tao at Bayan

Lingguhang Layunin:

Wikang Binibigkas
Nakapaglalahad ng impormasyong natutuhan sa napakinggang teksto
Komposisyon
Nakabubuo ng talata sa isang pangyayaring nasaksihan
Gramatika
Nagagamit nang wasto ang pang-angkop na **g**
Pagsusulat
Nakasusulat nang may pagkukusa upang magpahayag ng mensahe
Nakasusulat ng isang talaan

Unang Araw
Layunin:
Nakapaglalahad ng impormasyong natutunan mula sa napakinggang teksto.
Paksang- Aralin:
Paglalahad ng impormasyon mula sa tekstong napakinggan
Kagamitan:
Larawan ng palay, bigas, at mga nagugutom
Pamamaraan
Paunang Pagtataya
Ipasagot ang mga katanungan upang nasukat ang kaalaman ng mga mag-aaral.
Tingnan sa **Subukin Natin** sa LM, pahina ___.
Tukoy-Alam
Magbibigay ang guro ng isang talata sa pisara. Ipatukoy sa mga bata ang impormasyon sa nasabing talata.
Paglalahad
Pagganyak
Ipakita ang larawan ng palay, bigas, kanin, at tao o batang nagugutom
Itanong: Ano ang napansin ninyo sa mga larawan? Magkakaugnay ba ang mga ito sa isa't isa? Bakit?
Magpapakita ang guro ng larawan ng pagtatanim ng palay at pag-aararo sa bahagi ng kapatagan.
Itanong:
Sino-sino ang nakikita ninyo sa larawan?
Sino sa inyo ang nakaalam ng ganitong gawain?

Pagpapayaman ng Talasalitaan
Basahin at pag-aralan ang kahulugan ng mga sumusunod na salita at pagkaraan ay gamitin ito sa sariling pangungusap.

punla-pinatubong pananim
abono-pampataba sa halaman
matustusan-masasagot
biyaya-regalo
maibsan-mapunan
matugunan-masasagot

Pagtalakay

- Basahin ang kuwento na makikita sa **Basahin Natin** sa LM, sa pahina ___.
- Sagutin ang mga patnubay na tanong sa **Sagutin Natin** sa LM, sa pahina ___.
- Ipaliwanag ng guro ang pamamaraan ng pagkuha ng mga impormasyon at kahalagahan nito.

Pagpapahalaga

Paano mo pahahalagahan ang mga biyaya ng Diyos mula sa kalikasan na kanyang inilaan para sa tao at bayan? Tingnan ang bahaging **Pahalagahan Natin** sa LM, pahina __.

Gawaing Pagpapayaman

- Upang mapalawak ang kaalaman, ipagawa ang mga pagsasanay sa **Gawin Natin** sa LM, pahina __
- Ipagawa sa mga mag-aaral ang nasa bahaging **Sanayin Natin** sa LM, sa pahina ___ . (Ito ay Malayang Pagsasanay)

Paglalahat

Ano ang kahalgahan ng pagkuha ng tamang impormasyon sa mga binabasa o pinakikinggan? Basahin ang bahaging **Tandaan Natin** sa LM, sa pahina ___.

Paglalapat

Ipagawa at pasagutan ang mga gawain sa bahaging **Linangin Natin** sa LM, sa pahina ___, upang masukat ang kasanayan at kalamang natutunan sa araw na ito.

Kasunduan

Makinig ng balita sa radyo o sa telebisyon. Itala ang mga impormasyong nakuha.

Basahin ang mga impormasyong ito sa klase.

Ikalawang Araw

Layunin:

Nakabubuo ng isang talata sa isang pangyayaring nasaksihan

Paksang Aralin:

Pagbuo ng talata sa pangyayaring nasaksihan

Kagamitan:

Larawan ng mga taong gumagamit ng telepono, cellphone, internet, at mga kauri nito sa pagkikipag-uganayan sa kapwang nasa malayong lugar.

Pamamaraan

Tukoy-Alam

Itanong: Sino sa inyo ang nakaranas na makasulat ng isang pangyayaring

inyong nasaksihan?

Paglalahad

Pagganyak

Pagpapakita ng mga iba't ibang larawan tungkol sa pakikipag-ugnayan ng mga tao sa pamamagitan ng teknolohiya.

Itanong: Ano-ano ang naiisip ninyo sa mga nasa larawan? Ang mga nasa larawan ba ay positibo o negatibo? Bakit?

Pagpapayaman ng Talasalitaan

Salungguhitan ang kasingkahulugan ng mga sumusunod na salita at gamitin ito sa pangungusap.

1. diary-talaarawan, liham, blog
2. pulo-kalupaan, kabundukan, karagatan
3. mundo-globo, daigdig, kalawakan
4. OFW-nagtatrabaho sa bukid, nagtatrabaho sa opisina, nagtatrabaho sa ibang bansa
5. pangungulila-pagsasaya, kalungkutan, kakulitan

Pagtalakay

- Ipabasa ang diary sa bahaging **Basahin Natin** sa LM, pahina ___.
- Ipasagot ang mga pamatnubay na tanong sa **Sagutin Natin** sa LM, pahina ___.
- Talakayin ang paraan ng pagsulat ng talata sa nasaksihang pangyayari.
- Magbigay ng halimbawa ng talata mula sa akda at suriin ito ayon sa tamang paraan ng pagbuo ng talata.

Pagpapahalaga

Maituturing ba ang mga makabagong teknolohiya ng biyaya ng Diyos sa tao? Paano gagamitin ang mga teknolohiyang ito? Tingnan ang bahaging **Pahalagahan Natin**, LM sa pahina __.

Gawaing Pagpapayaman

- Payamanin ang kasanayan ng mga mag-aaral. Ipagawa ang bahaging **Gawin Natin** sa LM, sa pahina ___
- Ipagawa ang bahaging **Sanayin Natin** sa LM, sa pahina ___. (Ito ay Pinatnubayang Pagsasanay)

Paglalahat

Ano-ano ang mga dapat tandaan sa sa pagbuo ng isang talata? Tingnan ang bahaging **Tandaan Natin** sa LM, sa pahina ____.

Paglalapat

Ipagawa ang **Linangin Natin** sa LM, sa pahina ___, upang masukat ang mga kaalamang natutunan sa araw na ito.

Kasunduan

Sumulat ng talata hango sa inyong napanood sa telebisyon o kuwento ng inyong mga magulang.

Ikatlong Araw

Layunin:

Nagagamit nang wasto ang pang-angkop na **g**

Paksang-Aralin:

Paggamit sa pang-angkop na **g**

Kagamitan:

Larawan ng dulot ng tag-ulan noon at dulot ng tag-ulan ngayon**.**

Tukoy- alam

Alam na ninyo kung kailan ginagamit ang pang-angkop na **g**? Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa.

"Tahanang maka-Diyos"
"Palikurang malinis"

Paglalahad

Pagganyak

Ipakikita ang larawan ng dulot ng tag-ulan noon at larawan ng dulot ng tag-ulan ngayon.

Pagtalakay

- Basahin ang sanaysay na "**Nasaan ang Biyaya ng Tag-ulan"** sa bahaging **Basahin Natin** sa LM, sa pahina ___.
- Sagutin ang mga tanong sa bahaging **Sagutin Natin** sa LM, sa pahina ___.
- Ipapansin ang mga salitang may letrang naka-bold sa hulihan.
- Talakayin ang pang-ankop na **g** at kung papaano ito nagiging **ng**.
- Pagbibigay ng mga halimbawa at suriin ito sa pangunguna ng guro.

Pagpapahalaga

Paano natin maibabalik ang biyaya ng tag-ulan? Sagutin at talakayin sa bahaging **Pahalagahan Natin** sa LM, sa pahina ___

Gawaing Pagpapayaman

- Upang mapalawak ang kaalaman, ipasagot ang mga pagsasanay sa **Gawin Natin** sa LM, sa pahina ___.
- Gabayan ang mga mag-aaral sa **Sanayin Natin** na makikita sa LM, sa pahina ___.(Ito ay Pinatnubayang Pagsasanay)

Paglalahat

Ano ang katotohanan tungkol sa pang-ankop na **g**? kailan at paano nagiging pang-ankop

na **ng** ang dating **g**? basahin at pag-aralan ang bahaging **Tandaan Natin** sa LM, sa pahina ___

Paglalapat

Ipasagot sa mga mag-aaral ang nasa bahaging **Linangin Natin** sa LM, sa pahina ___, upang masukat ang mga kaalamang natutunan sa araw na ito.

Kasunduan

Sumipi ng limang (5) pangungusap sa diyaryo ng mga salitang nagtatapos sa **n** at nilalagyan ng pang-ankop na **ng**.

Ikaaapat na Araw

Layunin:

Nakasusulat nang may pagkukusa upang magpahayag ng mensahe

Paksang_Aralin:

Pagsulat nang may pagkukusa upang makapagpahayag ng mensahe

Kagamitan:

Larawang ng mga sumusunod: pagmamahal sa magulang, sa kalikasan at pagmamahal sa bayan

Tukoy-Alam

Anong uri ng pagmamahal ang dapat ibinibigay sa mga magulang, kalikasan, at sa bayan?

Paglalahad

Pagganyak

Gaano ninyo kamahal ang inyong ina? Ang inyong bayan?

Pagtalakay

- Basahin ang mga nakasulat sa ilalim ng bawat larawan. Tingnan ang **Basahin Natin** sa LM, pahina ___.
- Pag-usapan sa klase ang mga nasa larawan at nakasulat sa ilalim nito. Gawing gabay ang bahaging **Sagutin Natin** sa LM , pahina __ .
- Gabayan ang mga bata sa pagpapahayag ng mensahe.
- Kung hindi makapagsalita ang mga bata ay daanin ito sa pasulat na paraan at ipabasa ang kanilang sinulat.

Pagpapahalaga

Magkaiba ba ang pagmamahal sa magulang, kalikasan, at sa bayan?

Tingnan ang **Pahalagahan Natin** sa LM, sa pahina ___.

Gawaing Pagpapayaman

- Upang mapalawak ang kaalaman, ipasagot ang mga pagsasanay sa **Gawin Natin** sa LM. sa pahina ___.
- Ipagawa ang gawain sa bahaging **Sanayin Natin** sa LM, pahina___. (Ito ay Pinatnubayang Pagsasanay)

Paglalahat

Paano ginagawa ang pagpapahayag ng mensahe? Ano ang kahalagahan sa pagkukusa ng pagpapahayag ng mensahe? Pag-aralan ang bahaging **Tandaan Natin** sa LM pahina __.

Paglalapat

Ipagawa ang **Linangin Natin** sa LM, sa pahina ___, upang masukat ang mga kaalamangnatutunan sa araw na ito.

Kasunduan

Magdala ng krayola at bond paper

Ikalimang Araw

Karagdagang Gawain

Layunin:

- Nakaguguhit ng ibat ibang larawan tungkol sa mga biyaya ng Diyos sa tao at bayan
- Nakasusulat ng isang talaan

Paksang -aralin :

Pagguhit ng iba't ibang larawan
Pagsulat ng isang larawan

Kagamitan:

karola, bond paper, at lapis.

Panimulang Gawain

- Gabayan ang mga mag-aaral sa pagguhit
- Gumuhit ng iba't ibang larawan tungkol sa biyaya ng Diyos sa tao at bayan.
- Lagyan ng paliwanag ang bawat iginuhit na larawan, gamitin ang mga pang-ankop na pinag-aralan.

Pagsulat

Ipagawa ang **Sulatin Natin** sa LM, pahina ___ upang malaman ang kaalaman ng mag-aaral sa talaan.